REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 92-259**

**KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA PANGULONG CORAZON C. AQUINO NA MAG-ISYU NG ISANG PRESIDENTIAL PROCLAMATION NA NAGSASAAD NG PAGTATALAGA NG TATLUMPUNG (30) EKTARYANG LUPA SA ALABANG STOCK FARM (ASF) PARA SA MGA KAWANI AT KASALUKUYANG NANINIRAHAN DITO KAALINSUNOD ANG PANUKALANG ASF DEVELOPMENT PLAN.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

**SAPAGKAT,** sang-ayon sa Memorandum Order bilang 371 na pinalabas ng Tanggapan ng Pangulo at nagkabisa noong ika-27 ng Hunyo, 1991 na ang Public Estates Authority (PEA) ay inatasan sa pagpapaunlad ng Alabang Stock Farm ng naaayon sa balangkas plano ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** isa sa programa ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay ang makatarungang pamamahagi ng lupang pabahay na may pagsasaalang-alang sa mga apektado ng pag-unlad ng alinmang barangay nito;

**SAPAGKAT,** ang mga kawani at kasalukuyang naninirahan sa Alabang Stock Farm (ASF) na humigit kumulang sa tatlong libong (3,000) pamilya ay lubhang maaapektuhan sa pagsasakatuparan ng nasabing memorandum order;

**SAPAGKAT,** sa bisa na rin ng Proklamasyon bilang 792 na nagbibigay ng kahalintulad na benepisyo sa mga kawani ng Kagawaran ng Katarungan na ngayon ay matagumpay na naipapatupad ay hinihiling na ang nasabing benepisyo ay maipagkaloob sa mga mamamayang higit na nangangailangan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng isang kapasiyahan na humihiling sa Pangulong Corazon C. Aquino na mag-isyu ng isang Presidential Proclamation na nagsasaad ng pagtatalaga ng tatlumpung (30) ektaryang lupa sa Alabang Stock Farm (ASF) para sa mga kawani at kasalukuyang naninirahan dito kaalinsunod ang panukalang ASF Development Plan.

**PINAGTIBAY,** ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 197th regular na pulong na ginanap ngayong ika-6 ng Abril, 1992 sa Bulwagan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang.Punong Bayan/Pangulong Opisyal**

**KGG. CARLO G. TENSUAN**
**Konsehal**

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**Konsehal**

REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINAGTIBAY:

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts